Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG HUNYO 27, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad - nagpaalam |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco. | .. | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 193-T2011**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 1 NG BARANGAY MALINAO NA NAGKAKAHALAGA NG LIMAMPUNG LIBONG PISO (P50,000.00) MULA SA PONDONG NAKALAAN SA PAGPAPAGAWA NG KALSADA NA NASA SURPLUS UPANG ILIWAT SA PAGPAPAGAWA NG DAY-CARE CENTER (P50,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Karagdagang Badyet Blg. 1 ng Sangguniang Barangay ng Malinao sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 44-T2011 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 10-T2011 na nagpapatibay ng halagang P50,000.00 mula sa pondong nakalaan sa pagpapagawa ng kalsada na nasa surplus upang iliwat para sa pagpapagawa ng Day-Care Center ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga alituntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion ( Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw, Serafin C. San Juan, Jr. at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Karagdagang Badyet Blg. 1 ng Barangay Malinao na nagkakahalaga ng P50,000.00 mula sa pondo sa pagpapagawa ng kalsada na nasa Surplus upang iliwat sa pagpapagawa ng Day -Care Center (P50,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Malinao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hunyo 27, 2011**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
*Punong Bayan*